



Protektahan natin ang Human Rights at panatilihin ang mainam na paninirahan sa Gifu City

[Ekstra]

Isipin ang pagiging bias at diskriminasyon ng dahil sa mga Bali-balita


Ano ang Bali-balita?



Ang bali-balita ay isang impormasyon na kumalat mula sa isang tao patungo sa taong hindi malinaw o walang ibidensya upang mapatunayan kung ito ay totoo o hindi.

Ang mga bali-balita ay maaaring mapanganib at magdulot ng pinsala sa ekonomiya o sa ibang tao. Paano maaaring maging mas malala ang pagiging bias at diskriminasyon?

Hindi naman ito bago, diba?



Ang mga maling bali-balita ay kumalat sa pamamagitan ng iba't ibang mga pamamaraan mula sa mga tao patungo sa iba. Maaari nilang ipatingin sa mga ibang tao o sa isang bagay na panig at o ibukod ang iba pa sa ilang paraan. Mangyaring tandaan na ang mga tao na ang dignidad ay nasaktan ng dahil sa maling mga bali-balita ay hindi madaling gumaling. **Upang maiwasang maulit ang parehong pagkakamali na nagawa, isaalang-alang ang sumusunod.**



Hindi rin eksepsyon ang COVID-19!

Kumakalat na ang COVID-19 sa buong Japan gayundin sa ibang bansa. Ang karamihan ay nag-aalala dahil sa iba't ibang impormasyon na kumakalat araw araw. Ang mga kaugalian tulad ng pag-iwas o pagbawas ng mga panganib ng hawaan ay mahalaga upang maprotektahan ang lahat.

Ngunit, hindi ba't mali na tanungin ang mga institusyong medikal, atbp. para sa mga impormasyon ng taong nahawaan ng COVID-19. Tulad ng **kung saan sila nakatira** o gayundin ang **pagtangga sa mga pinupuntahan na facility ng mga taong may kakilala na nahawaan** ay hindi ba sumosobra na?

Ang mga katulad na insidente ay maaaring mangyari sa hinaharap.

Ang bawat isa ay maaaring magbigay ng isang pagkakataon na maunawaan ang potensyal na kahinaan at kapangitan ng puso ng isang tao at malaman na gawin ang kanilang makakaya upang hindi makasakit ng iba sa pamamagitan ng kanilang mga salita at pag-uugali.

